

Pagsasanay ng Iyong Kuting sa Paggamit ng Litter Box

Isinulat ng Petcoach Editorial

Isinalin sa Filipino ni Mary Zapata - Volunteer Translator ng Philippine Animal Rescue Team (PART) at Phoenix Legacy of Compassion

Elimination disorder (sakit kung saan hindi dumudumi o umihi sa wastong lugar at oras) ay isa sa mga dahilan kaya ang mga pusa at kuting ay iniwan sa mga *animal shelter* at isa sa pinaka madalas na dahilan ng paghingi ng payo sa beteryaryo. Sa iyong paghahanda sa pagtanggap ng kuting sa inyong bahay, mahalagang pagisipan ang **litter box** (pagdudumihan ng iyong kuting). Kadalasan ang kuting ay may likas na kusang gumagamit ng *litter box* sa murang edad, ngunit ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa mga pusa at mga *litter boxes* ay makakatulong na makaiwas sa problema sa simula palang. At sa kaalaman nating lahat, mas madaling iwasan ang problema kaysa sa lutasin ito pag nagsimula na!

Pagsasanay sa Paggamit ng *Litter Box* ng Bagong Kuting

Ang mga pusa ay may likas na ugaling dumumi sa buhangin o lupa, at ang mga kuting ay natututo sa pag obserba o pagmasid sa kanilang ina. Ang mga kuting ay kadalasang nagsisimulang matutong gumamit ng *litter box* sa edad na 3 o 4 na linggo, kaya't paguwi mo sa iyong kuting sa iyong tahanan ay malamang alam na nitong gumamit ng *litter box*. Hindi mo kailangan turuan iyong pusa sa pagamit ng *litter box* ng katulad ng pagsasanay sa isang tuta. Ngunit, mahalagang tiyakin na alam ng iyong kuting ang kinalalagyan nito sa kanyang bagong kapaligiran. Tiyaking ito ay nasa isang tahimik at madaling maabot na lugar. Kapag naiwi mo na ang iyong kuting, dalhin agad ito sa *litter box* sa tahimik na oras. Ilagay siya sa loob ng *litter box*, marahang kunin ang kanyang mga paa sa harapan at ipakita sa kanya kung paano hukayin/kalkalin ang *litter* ng isa o dalawang beses. Wag mag-alala kung aalis siya kaagad. Sa maghapon, ilagay siya sa *litter box* sa mga oras ng kanyang pagdumi: sa umaga pagkagising niya, pagkatapos kumain, pagkatapos maglaro at tuwing pagkagising. Tandaan na mas gusto ng *privacy* ng mga pusa kapag gumagamit ng *litter box*, kaya kapag nakita mo siyang gumagamit nito, ay iwanan lang siyang mag-isa.

Karamihan ng pusa ay masasanay gumamit ng bagong *litter box* ng walang problema. Subalit, kung magkaroon man ng akdisidente, wag silang pagalitan o parusahan. Matatakot lang ito kapag sinigawan o ginamitan ng *squirt bottle* (spray) at hindi nito maiintindihan kung bakit ka galit. Sa halip, linisin ang dumi gamit ang *enzymatic* na panglinis upang mawala ang mantsa at amoy. Tapos ay bumalik mula sa simula, ilagay muli ng madalas ang kuting sa *litter box* hanggang sa gamitin niya ito. Kapag nagpatuloy ang aksidente, o mapansing ang diarrhea o nahihirapang dumumi ang kuting, dalhin siya sa beteryaryo upang malaman kung posibleng sakit ang dahilan. Ang mga pusang may sakit sa daanan ng ihi (***urinary tract disease***) o bulate (***intestinal parasites***) ay maaaring tumigil sa paggamit ng *litter box*.

Kinalalagyan at Bilang ng Kahon

Gusto ng mga pusa na gumamit ng *litter box* sa tahimik at pribadong lugar kung saan ay pakiradam nilang ligtas sila. Ang malalakas na mga ingay (tulad ng *buzzer* ng *washing machine*), paglabas-pasok na mga tao, pagkagulat sa aso o paghamon ng ibang pusa paglabas nito ng *litter box*, ay puwedeng makabagabag sa kanya para humanap ng ibang lugar.

Kung susubukang magnakaw ng tikim ng iyong aso mula sa *litter box*, subukang maglagay ng maliit na bakod sa pintuan papasok ng kwarto kung saan nakalagay ang *litter box* (gagana din ito sa pintuan ng maliit na silid, kung kailangan). Ilagay ang bakod ng ilang pulgada mula sa sahig para magkasya ang pusa, pero hindi ang aso. Maliban sa maiiwasan na guluhin ng aso ang pusa sa paglabas at pasok niya sa *litter box*, maiiwasan din ang pagkakaroon nito (aso) ng sakit sa bituka sanhi ng pagkain ng *cat litter*, o pagkakasakit dahil sa bulate sa bituka na maaring meron ang pusa. Kung ang aso mo ay maliit at makakalusot sa ilalim ng bakod, isagad ang bakod sa sahig at lagyan ng tungtungan ang pusa sa harap ng bakod para makatalon ito.

Kung higit sa isa ang iyong mga pusa, tiyaking hindi nakalagay ang *litter box* kung saan puwedeng maharang ng ibang pusa ang pusang umaalis sa *litter box* (katulad ng pasilyo na may *dead-end*). Kailangan ay palaging may pasukan at labasan kung saan siya puwedeng tumakas.

Karamihan ng mga pusa ay ayaw na malapit ang *litter box* kanilang kainan, hangga't maaari iwasan ganitong sitwasyon. Ang pamantayan sa bilang ng *litter box* na kailangan ay dapat tig-isa bawat pusa, at isang sobra. Ito man ay parang sobra-sobra para sa atin, maselan ang mga pusa at may mga pusa na hindi gagamit ng *litter box* na ginamit na ng ibang pusa. May mga pusa din na gusto ng magkaibang *litter box* para sa pag-ihi at para sa pagdumi. Kung maraming palapag ang iyong bahay, siguraduhin na merong *litter boxes* kada palapag.

Laki at Uri ng Litter Box

Maraming uri ng *litter boxes* na mabibili. Kasama na ang *covered boxes*, *self-cleaning boxes*, at mga idinisenyo para magkasya sa mga sulok. Tiyakin na ang mga *litter boxes* ay tama lamang ang laki para iyong pusa o mga pusa. May mga *animal behaviorists* na nagsasabi na kadalasan ay maliit masyado ang *litter boxes* na naibibigay para sa mga pusa. Alalahanin na maaaring kailanganin ng mga kuting o nakatatandang pusa (senior/elderly) ng *litter boxes* na mababa lang ang mga gilid. Kung kailangan mo ng malaking kahon na mababa ang gilid maaaring gumamit ng mga taguan ng sweater o damit. Kung kailangan, maaari ding gupitin ang gilid ng kahon para gawing mas mababa pa ito. May mga pusa na mas ligtas ang pakiramdam kung may *hood (takip)* ang *litter box*. Makakatulong din to sa mga pusa na masigasig maghukay sa pagtatakip ng dumi nila. Maari din itong makatulong para sa mga pusa na mahilig tumayo sa gilid ng kahon upang umihi o dumumi. Pero ang *hooded box* ay maaaring makakulob ng amoy at kailangan linisin araw-araw. May mga pusa na hindi gusto ang *litter box* na may hood dahil hindi nila nakikita kung may ibang pusa na papalapit o naghihintay sa labas. Ang bagong *automatic self-cleaning litter box* ay makakabawas sa oras

ng paglilinis pero may mga modelo na maingay. May mga pusa na maaaring maingayan, pero merong hindi. Kung marami kang pusa, maaari silang bigyan ng iba't ibang uri ng *litter boxes* na pwede nilang pagpilian

Sa karaniwan, gusto ng mga pusa ang *litter* na parang buhangin o lupa sa hardin. Parang mas gusto nila ang pinong *litter* (katulad ng klase na namumuo) kumpara sa magaspang na klase ng *litter*, at mas gusto nila ang walang amoy kaysa sa mabango. Kadalasan ay sapat na ang 2 pulgada ng *litter* sa kahon. Karaniwan ay mas maiging kaunti lang ang ilagay na *litter* at palitan ito ng mas madalas. Kung hindi ka tiyak sa klase ng *litter* na gagamitin, maglabas ng iba't ibang klase, pati na ang *clumping* at *non-clumping*, para makita alin ang mas magugustuhan ng iyong mga pusa.

Pagpapanatiling Malinis ng Kahon

Ang mga pusa ay sobrang linis na hayop, at puwede nilang iwasan ang *litter box* na hindi madalas nalilinis. Alisin ang dumi sa *litter box* ng isang beses sa isang araw. Hugasan ang *litter box* at palitan ang *litter* ng isang beses sa isang linggo. Wag gumamit ng matapang na panglinis, pero banlawan itong mabuti pagkatapos hugasan. Ang kahit ano mang aksidente ay dapat linisin gamit ang *enzymatic* na panglinis na ginagamit para sa mga mantsang galing sa dumi ng mga alagang hayop, katulad ng ihi ng pusa. Natatakpan ng regular na panglinis ang amoy kaya't hindi natin ito naaamoy, ngunit para sa superyor na pang-amoy ng mga pusa, maaamoy niya pa din ito at maaaring ipagpatuloy na gawing banyo ang lugar na iyon. Para sa tulong sa mga problema sa pagdumi na nagsimua na, basahin ang artikulong "**Urinating Outside of the Litter Box.**"

Paalala: ang mga buntis ay hindi dapat maglinis ng *litter box*. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring basahin ang aming artikulo sa **Toxoplasmosis**.

Karamihan ng pusa ay malakas ang likas na ugali sa paggamit ng *litter box*, at hindi kailangan turuan kung saan dapat dumumi ng katulad ng pagsasanay sa mga aso. Gayunpaman, ang pagalala sa mga pangunahing kaalaman sa *litter box* ay makakatulong sa panatili ng kasiyahan ng iyong pusa at makakakaiwas sa pagkakaroon ng problema.

Madalas na Katanungan Tungkol sa Pagsasanay ng Kuting sa Paggamit ng *Litter Box*

Paano i-potty train ang aking mga kuting?

Ang mga pusa ay may likas na ugaling dumumi sa buhangin o lupa, kaya't hindi na sila kailangan i-potty train ng katulad sa mga tuta. Ngunit, mahalaga na ihanda ang mga pangangailangan nila.

Gaano kadalas ko kailangan palitan ang *cat litter*?

Gusto ng mga pusa ng malilinis na *litter boxes*, kaya't kailangang tanggaling ang dumi at mga namuong litter (*clumping litter*) isang beses sa isang araw. Tanggalan ng litter at hugasan ang

litter box isang beses kada buwan. Palitan ang litter box kada anim na buwan. Nakakatulong din ang karagagang paglilinis at pananatili ng kalinisan nito.

Ano ang pinaka maiging litter box?

Maraming uri ng *litter boxes* na mabibili, at magkakaiba din ang kagustuhan ng bawat pusa. Anumang uri ito, tiyaking sapat ang laki nito para sa iyong pusa at madaling mapuntahan.

Bakit sa labas ng *litter box* dumudumi ang pusa ko?

Maraming posibleng dahilan ng pagtigil ng pusa sa paggamit ng *litter box*, kasama na dito ang malubhang sakit.

Ano ang *cat litter*/saan gawa ang *cat litter*?

Ang *cat litter* ay maaaring gawa sa iba-ibang uri ng materyal, katulad ng *clay*, *silica*, *sawdust* at pati na din *corncobs*. Kalimitan, mas gusto ng mga pusa ang *litters* na parang buhangin o lupa.

Ilang *litter box* ang kailangan ko para sa sa aking pusa/mga pusa?

Ang pamantayan ay kailangang tig-isa bawat pusa, at isang sobra. Kaya kung ikaw ay may dalawang pusa, pinakamaigi ang mayroon silang tatlong *litter boxes*. Depende din ito sa iyong bawat pusa at sa ayos ng iyong bahay.

Paano ko itatapon ang aking *cat litter*?

Ang *cat litter* ay dapat ilagay sa supot (plastic bag) na nakasarang mabuti (sealed), at ilagay sa basurahan. Wag ilagay ang dumi ng iyong mga alaga sa hardin o *compost pile*, dahil maaari itong magdala ng mga sakit.

Saan ko dapat ilagay ang *litter box*?

Ang paglalagyan ng *litter box* ay mahalaga. Gusto ng mga pusa na gumamit ng *litter box* sa tahimik at pribadong lugar kung saan ay pakiramdam nilang ligtas sila.

Gaano kalalim dapat ang *cat litter*?

Ang dalawang pulgada ay kadalasang sapat na para sa karamihan ng pusa. Ang ilan ay mas gusto nang mas kaunti, at ang mga palahukay ay maaaring mas gusto ng mas marami. Anuman ang dami na iyong gagamitin, mahalagang linisin ng regular ang kahon.